
# Hello mula sa Colombia!





Ang **Colombia** ay nasa hilagang Timog Amerika. Ang bansang ito na Espanyol ang salita ay may mga 49 milyong tao, at mga 200 libong miyembro ng Simbahan.



Tropikal ang klima sa Colombia, at maraming iba't ibang halaman at hayop dito. Sa katunayan, mas maraming uri ng ibon dito kaysa anupamang bansa! Marami sa mga ito ay hindi matatagpuan saanman sa mundo, tulad ng napakamakulay na tanager na ito.



Ang kinakain ng batang ito ay *arepa,* isang masarap na cornmeal cake. Madalas itong kainin ng mga tao sa Colombia nang may kasamang keso at karne.

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE
MGA LARAWAN NG IBON, BATANG KUMAKAIN NG AREPA, AT BATANG NAGSISINDI NG MGA KANDILA MULA SA GETTY IMAGES
LARAWAN NG BABAE SA HARAP NG BOGOTA TEMPLE NI FRANK AUGUSTO BORDA GARCIA



Narito ang larawan ng bagong templo. Ang Colombia ay may isa pang templo, sa kabiserang lungsod ng Bogotá.



Sa buwang ito, isang taon na ang lumipas mula nang ilaan ang Barranquilla Colombia Temple.






Sa Colombia, ang Disyembre 7 ay *el Día de las Velitas* (ang Araw ng maliliit na Kandila). Nagsisindi ng libu-libong kandila ang mga tao rito para simulan ang Kapaskuhan.




## Kilalanin natin ang ilang kaibigan mula sa Colombia!



"Pinagpala at masaya ako na nasa buhay ko ang ebanghelyo. Alam ko na buhay si Jesucristo at mahal niya tayo at na ipinanumbalik ni Propetang Joseph Smith ang Simbahang ito. Nagpapasalamat ako na may propetang gumagabay sa atin."

**Camila R., edad 10 Valle del Cauca, Colombia**



"Alam ko nang buong puso na ang aking Ama sa Langit at si Jesucristo ay buhay at mahal tayo. Inihayag nila kay Joseph Smith na isalin ang Aklat ni Mormon para mabasa ito ng lahat ng tao."

**Luis V., edad 12, Valle del Cauca, Colombia**

**Taga-Colombia ka ba? Sulatan kami! Gusto naming makabalita sa iyo.**